AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 46**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 46**

Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - "Nakauwi Na"

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Nakauwi Na**

**WRITING PROMPT LESSON 46**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, matatapos na ang ating paglalakbay sa mahiwagang El Dorado. Paano kaya matatapos ang kwentong ito? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**
Kayo ay nagpasalamat sa Pinuno at sa ibang tao mula sa El Dorado. Sinabihan mo rin ang Pinuno tungkol sa iniwan mong mga bato para makabalik sa inyong bahay. Binilinan mo rin si Caloy na wag lalayo sa iyo habang pabalik.

Bago umalis, binigyan kayo ng basbas ng Pinuno bago umalis, nagpaalam kayo sa mga tao ng El Dorado. Paglabas niyo ng lugar na purong ginto'y sinundan mo ang naiwang mga bato. Hanggang sa huli'y naabot ang gate ng inyong bakuran. Sinara mo ang gate at pinagsabihan ang pinsan na wag na muling basta-basta tatakbo palayo.

Nakita mo ang iyong lola na nakatanaw mula sa balkonahe papasok ng bahay. Malaki ang kanyang ngiti sa mukha.

•Ngayon at nakauwi na kayo, anong nararamdaman mo?
•Bakit kaya nakangiti ang inyong lola kahit na kayo'y halos mawala?
•Ano ang magiging katapusan ng inyong kwento?

**III.Teacher's Message**
Natapos rin ang iyong paglalakbay, ano ang nangyari sa inyong pag-uwi ni Caloy?.
Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."